Pangalan: ___________________________________________________________________________

Petsa Nang Nagsimula: ____________ Petsa Nang Natapos: ________________Marka:___________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**

Endemikong Hayop at Halaman, Bakit nga ba Nauubos?

I. **Panuto:** Bilugan ang letra ng sagot na nagpapakita ng tamang pagtugon na may magagalang na salita.

1. Ang sumusunod ay halimbawa ng magagalang na pananalita maliban sa ______________.
   - a. paggamit ng “po” o “opo”
   - b. paggamit ng panghalip na pangmaramihan
   - c. paggamit ng panghalip na nasa ikatlong panauhan
   - d. paggamit ng panlaping paki- o maki-
2. Alin sa sumusunod ang halimbawa ng magalang na pananalita?
   - a. Hoy!
   - b. Salamat nang marami!
   - c. Ayaw!
   - d. Bakit ba?
3. Alin sa sumusunod na panghalip panao ang dapat na gamitin upang maipakita ang wastong paggalang?
   - a. Kayo
   - b. Siya
   - c. Ka
   - d. Ako
4. Paano mo sasabihin sa iyong kamag-aral na nais mo siyang imbitahan sa isang tree planting activity?
   - a. Sumama ka nga sa akin.
   - b. Bilisan mo magbihis.
   - c. Inuutos kong sumama ka, ngayon na!
   - d. Nais ba ninyong sumama sa tree planting activity?
5. Nais mong magtanong sa security guard kung saan sa mall ang kainan? Paano mo ito sasabihin?
   - a. Kuya, dalhin mo nga ako sa kainan!
   - b. Kuya, saan po rito ang kainan?
   - c. Kuya, saan ang kainan dito?
   - d. Kuya, dito ba ang kainan?
6. May tumawag sa inyo at nais na makausap ang iyong kapatid. Ano ang sasabihin mo?
   - a. Sino ka?
   - b. Sino po sila?
   - c. Bakit mo hinahanap?
   - d. Ayaw ko.
7. May nakita kang naninirador ng ibon. Ano ang pinakamagalang na paraan upang ipatigil ang ginagawa niya?
   - a. Hoy!
   - b. Masama kang tao!
   - c. Ikaw kaya ang saktan ko?
   - d. Pakitigil na ang iyong ginagawa.
8. Nais mong sabihan ang kapitan ng inyong barangay dahil sinasaktan niya ang kaniyang pusa. Paano mo sasabihin na mali ang kaniyang ginagawa?
   - a. Kapitan, huwag po ninyong saktan ang pusa.
   - b. Isusumbong kita sa alkalde!
   - c. Ano yang ginagawa mo?
   - d. Bakit ka nambabato?
9. Nais mong hikayatin ang mga kamag-aral mo na sumali sa iyong binubuong organisasyon na mangangalaga sa kalikasan. Paano mo sila hihikayatin?
   - a. Sasali ka ba o hindi?
   - b. Halika nga at isasali kita.
   - c. Sumali na tayo sa organisasyon.
   - d. Pakisali mo nga ang sarili mo sa grupo.
10. Susulat ka ng liham para sa iyong guro upang sabihin na dapat na maglaan ng espasyo sa paaralan para pagtaniman ng mga halaman. Paano mo ito sasabihin sa kaniya?
    - a. Bilisan mong magtanim, Sir.
    - b. Ma’am, maglaan po tayo ng espasyo para sa halamanan.
    - c. Gusto ko nang magtanim ng halaman. Dali, gumawa ka na.
    - d. Kung hindi ka maglalaan ng espasyo, isusumbong kita sa ating punongguro.